Ang kunsulta sa Pagbubuntis at gastusin sa panganganak ay bumaba na para sa mahusay na kapaligiran sa pagpapalaki ng anak.

Kabataan ay kayamanan. Upang mabawasan ang gastos sa pagbubuntis at panganganak, ang sistema ng "lump-sum" allowance para kapanganakan ng bata ay binago.

★Ang halaga at proseso ng pagbayad ng "lump-sum" allowance para sa kabataan at sa pag-aaruga ay nagbago na.

Meron ka bang "health insurance"?
Malaki ang kabayaran sa serbisyong medikal. Kung wala kang "health insurance", kailangan mong bayaran lahat. Subalit, kung meron naman, konti lang ang iyong babayaran.
Sa Japan, ang pagsali sa "health insurance plan" ay kinakailangan.

Ikaw ay nakatala sa "Employee's Health Insurance" kung nagtatrabaho sa kumpanya o organisasyon. "National Health Insurance" ay kalimitan sa isang may sariling trabaho. Sa pagsali dito, ang "dependents" ay sakop din.

Subalit, Ang normal na panganganak ay hindi sakop ng "insurance" sa dahilang ito ay hindi sakit. Bagamat, makakakuha ng tulong medical sa panganganak. Sa pagkakataong iyon, kakailanganing magbayad ng malaking halaga. Upang mabawasan ang kabigatan, ang "lump-sum" allowance sa panganganak at pangangalaga ay ipagkakaloob pagkatapos na manganak.

Kung merong "health insurance", ang benepisyo ay ibabayad sa organisasyon ng "health insurance" sa pag-aplay pagkatapos ng panganganak. Sa nakaraang sistema, ang ina ng kabahayan ay kailangang maghanda ng malaking halaga sa paunang bayad sa medical na institusyon.

Ang sistema ay pinalitan na simula nung nakaraan "autumn". Ang Benepisyo ay ibabayad ng diretso sa medical na institusyon kung saan nanganak.

Ayon sa bagong sistema, ang bayarin sa panganganak ay babayaran na ng diretso sa medical institusyon mula sa organisasyon ng "health insurance". Sa ganun ay hindi na kailangang maghanda pa ng malaking halaga sa paunang bayad.

Maari po lamang na alamin na ang ibang medical na institusyon ay hindi tumatanggap ng diretso bayad na nakalaan. (Ang medical na institusyon ay kailangang ipaliwanag sa ina ang bagay na ito.) Sa sitwasyong ito, matatanggap ang benepisyo katulad ng dating paraan. Ang bayarin sa kapanganakan ay babayaran pagkatapos ng aplikasyon pagkapanganak. Kaya kailangang maghanda ng nararapat na panggastos sa umpisa. Kung ang medical na institusyon na inyong pinuntahan at hindi pa ayon sa bagong sistema at hindi mo rin kayang magbayad ang gastusin sa panganganak, maari po lamang na kumunsulta sa institusyong medikal. Ang kabayaran ay maaring mahuli hanggang makuha mo ang "lump-sum allowance". Ganun din, maaring maka "loan" mula sa "insurance organization" o "social welfare council", atibp.



Ang halaga ng "lump-sum allowance" ay nagbago din simula pa nung nakaraan Oktubre. Ito ay tumaas sa 420,000 yen. Ang karagdagang halaga ay 40,000 yen. Kung ang gastos sa panganganak ay mas mababa sa 420,000 yen, matatanggap ang balanse sa pag-aplay. (Kung ang gastos ay higit sa ipagkakaloob na 420,000 yen, kailangan mong bayaran ang balanse.) Ganun din ang sistema ng pagpapakunsulta ay nagbago din. Sa mga nagdadalang tao ay makakapagpasuri ng labing-apat na beses na libre.

Halina at sumali sa FICEC's KODOMO(Children)Club!

Ang FICEC ay bukas tuwing Sabado, mula 9:00 - 12:00 para sa kabataan! Sa "club" na ito, kami ay nagkakaloob ng "Japanese lessons" o suporta sa pag-aaral sa kabataang ang salita ay hindi Hapones. Kami din ay nagkakaloob ng spesyal na suporta sa regular na pagsusulit sa mag-aaral ng Junior high school. Maari pong Sumali at makisaya sa "club" na ito kung merong oras. Let's study together!

Ang Kasiyahan ukol sa "boy's day" (tango no sekku) sa FICEC's Japanese class

Pagpapakilala ng kultura ng Hapones, FICEC's Japanese class ay nagkasiyahan para bigyang pagkakataon ang mga banyaga na maranasan ang tradisyonal na kasiyahan dito sa Japan. Kami ay nagdiwang ukol sa Boy's Day Festival (tango no sekku) nung ika-6 ng Mayo (1 day behind). Ngayon ito ay tinagurian ng "Children's Day". Ang kasiyahan ay sinimulan ng "Japanese harp". Sinundan ng pagtupi ng "newspaper" at naging kabuto, nagkasiyahan sa Kashiwamochi(rice cake wrapped in an oak leaf) at naglaro ng Amidakuji ng sama-sama. Maigsing oras lamang ngunit tunay na masaya. Meron ding taunang kasiyahan na ang tawag ay "tanabata matsuri" ito ay sa darating na Hulyo. Kami po ay nagpaplano ng kasiyahan.. Huwag kaligtaan!
Sa hindi nag-aaral sa Japanese class ay maari din

Dumalo. Tayo ng magsaya kumain ng masarap na pagkain, matuto ng Japanese ng sama-sama.

Kayo ba ay nag-aplay na para sa "child

Ang bagong sistema ng Child allowance na inilahad sa nakaraan buwan na isyu. Para sa Matiwasay na Paglaki ng mga kabataan, ang sistema ay pinalitan. Kung hindi pa na kumpleto ang pag proseso o hindi alam ang sistema, maari po lamang na pumunta sa opisina ng munisipyo at sundin ang pamaraan. Banyaga ay kasali din sa "allowance".

Maging ang mga anak na naiwan sa inyong bansa, kayo ay may karapatan ukol dito.

Kakaibang kaugalian ng Hapon para sa banyaga.

Ayumi Kanda

Ang "topic" sa buwang ito ay "Shugui"isang kaugalian ng taong dadalo sa kasalan. Ang Hapones ay nagbibigay ng"Shugui" sa malaking seremonyas maraming banyaga and hindi maintindihan ang kaugaliang it "Shugui" pera at gamit para sa kasiyahang ito at pasasalamat. Ito ay nagkakahalaga ng malaking pera sa pagdaos ng kasalan dito sa Japan, kaya ang dadalo ay magbibigay ng pera. Maaring pumili magbigay ng gamit liban sa pera o parehong pera at gamit. Kung magbigay ng gamit maaring makatanggap ng parehong tulad sa iba o di magustuhan ang regalo. Subalit ang pera ay mas maigi maari silang bumili ng kung ano ang gusto. Kadalasan pera ang binibigay kaya ito ay "Shugi bukuro". Ito ay kaugalian ng Hapones na magbigay ng pera sa pagdalo sa seremonyas, "funerals at pagdalaw sa hospital upamg Makita ang kaibigan at pasiglahin. Itong kaugalian ay nagsimula pa nung Edo period. Umaasa na ang ganitong kaugalian pakikiramay sa bawat isa at pakikipagtulungan .

Ms. Kaji's popular PC Class

Ang FICEC ay merong PC class para sa banyaga. Ito ay mag-uumpisa na tuwing ikalawa at ika apat ng Huebes kada buwan mula ika 1-2:30 ng hapon. Mag-aral sa gabay ng propesyonal na guro. Maraming nag-aaral na nagsabing si Mrs. Kaji ay nagbibigay ng madaling maintindihan. Kahit sino ay pwedeng mag-aral ito ay libre. Kung nais matuto ng "basic computer skills", Bakit hindi mo subukan tuwing pagkatapos ng Japanese lesson?

www.ficec.jp/living/

● Living Guidance translated in 6 languages is available.